



Pag-unawa sa Mga Benepisyo

Ano ang nasa loob

Social Security: isang simpleng konsepto	1
Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Social Security habang ikaw ay nagtatrabaho	4
Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo	5
Mga benepisyo para sa iyong pamilya	8
Kapag handa ka nang mag-apply para sa mga benepisyo	10
Programang ng Supplemental Security Income (SSI)	11
Karapatang mag-apela	11
Online na personal na <i>my</i> Social Security account	11
Medicare	12
Ilang katotohanan tungkol sa Social Security	15
Pakikipag-ugnayan sa Amin	15

Social Security: isang simpleng konsepto

Naaabot ng Social Security ang halos bawat pamilya, at sa isang punto, naaantig ang buhay ng halos lahat ng mga Amerikano.

Tinutulungan namin ang matatandang Amerikano, mga manggagawang may kapansanan, at pamilya kung saan namatay

ang isang asawa o magulang. Tinatantya namin na humigit-kumulang 184 milyong tao ang nagtatrabaho sa trabahong sakop ng Social Security noong 2024 at nagbayad ng mga buwis sa Social Security.

Noong Setyembre 2024, humigit-kumulang 68 milyong tao ang nakatanggap ng buwanang benepisyo ng Social Security. Karamihan sa

aming benepisyaryo ay mga retirado at ang kanilang pamilya — nasa 54 milyong tao noong Setyembre 2024.

Hindi kailanman nilayon ang Social Security na maging tanging mapagkukunan ng kita para sa mga tao kapag sila ay nagretiro. Pinapalitan ng Social Security ang porsyento ng kita ng isang manggagawa bago ang pagreretiro batay sa iyong panghabang-buhay na kita. Ang halaga ng iyong mga karaniwang kita na pinapalitan ng mga benepisy sa pagreretiro ng Social Security ay dumedepende sa iyong mga kita at kapag pinili mong simulan ang mga benepisy. Kung sisimulan mo ang mga benepisy sa 2025 sa iyong “ganap na edad ng pagreretiro” (tingnan ang aming seksyon ng **”Ganap na edad ng pagreretiro”**), ang porsyentong ito ay kasing laki ng 79% para sa mga may mababang kita, hanggang sa humigit-kumulang 43% para sa mga may katamtamang kita, hanggang sa humigit-kumulang 28% para sa mga may malalaking kita. Kung sisimulan mo ang mga benepisy pagkatapos ng ganap na edad ng pagreretiro, mas mataas ang mga porsyentong ito. Kung sisimulan mo ang mga benepisy nang mas maaga, magiging mas mababa ang mga porsyentong ito. Sinasabi ng karamihan sa pinansyal na tagapayo na kakailanganin mo ang humigit-kumulang 70% hanggang 80% ng kita bago ang pagreretiro — kasama ang iyong mga benepisy sa Social Security, pamumuhunan, at personal na savings — para mamuhay nang kumportable sa pagreretiro.

Gusto naming maunawaan mo kung ano ang maaaring maging kahulugan ng Social Security sa iyo at sa pinansyal na hinaharap ng iyong pamilya. Ipinapaliwanag ng publikasyong ito, na *Understanding the Benefits (Pag-unawa sa Mga Benepisy)*, ang mga pangunahing kaalaman tungkol sa pagreretiro, kapansanan, at mga programa ng seguro para sa mga nakaligtas ng Social Security at Medicare, ang pederal na programa ng seguro sa kalusugan.

Ganito gumagana ang kasalukuyang system ng Social Security: kapag nagtatrabaho ka, nagbabayad ka ng buwis sa Social Security. Ginagamit namin ang perang buwis para magbayad ng mga benepisy sa:

- Mga retiradong manggagawa.
- Mga manggagawang may mga kwalipikadong kapansanan.
- Mga nakaligtas sa mga namatay na manggagawa.
- Mga sustentado na asawa at anak ng mga benepisyaryo.

Hindi inilalagay sa isang personal na account ang perang ibinabayad mo sa buwis para gamitin mo kapag nakakuha ka ng mga benepisy. Ginagamit namin ang iyong mga buwis para bayaran ang mga taong kumukuha ng mga benepisy ngayon. Mapupunta ang anumang hindi nagamit na pera sa mga trust fund ng Social Security, hindi sa isang personal na account na nakapangalan sa iyo.

Ang Social Security ay higit pa sa pagreretiro

Iniisip ng maraming tao ang Social Security bilang isang programa sa pagreretiro lamang. Retirado na ang karamihan sa mga taong tumatanggap ng mga benepisy, ngunit tumatanggap ng mga benepisy ang iba dahil sila ay:

- Isang taong may kwalipikadong kapansanan.
- Isang asawa o anak ng isang taong tumatanggap ng mga benepisy.
- Isang diborsiyadong asawa ng isang taong tumatanggap o kwalipikado para sa Social Security.
- Isang asawa o anak ng isang manggagawang namatay.
- Isang doborsiyadong asawa ng isang manggagawang namatay.
- Isang umaasang magulang ng isang manggagawang namatay.

Batay sa iyong mga sitwasyon, maaari kang maging kwalipikado para sa Social Security sa anumang edad. Sa katunayan, mas maraming benepisyo ang binabayaran namin para sa mga bata kaysa sa anumang programa ng gobyerno.

Ang iyong mga buwis sa Social Security

Ginagamit namin ang mga buwis sa Social Security na binabayaran mo at ng iba pang manggagawa sa system para magbayad ng mga benepisyo sa Social Security.

Nagbabayad ka ng mga buwis sa Social Security batay sa iyong mga kita, hanggang sa isang partikular na halaga. Sa 2025, ang halagang iyon ay \$176,100.

Mga buwis sa Medicare

Nagbabayad ka ng mga buwis sa Medicare sa lahat ng iyong sahod o net na kita mula sa sariling trabaho. Ang mga buwis na ito ay para sa pagsasaklaw ng Medicare. May mga karagdagang buwis sa Medicare para sa mga manggagawang may mas mataas na kita.

Kung nagtatrabaho ka para sa iba	Buwis sa Social Security	Buwis sa Medicare
Magbabayad ka ng	6.2%	1.45%
Nagbabayad ang iyong employer ng	6.2%	1.45%
Kung ikaw ay may sariling trabaho		
Magbabayad ka ng	12.4%	2.9%

Karagdagang buwis sa Medicare

Nagbabayad ang mga manggagawa ng karagdagang 0.9% na buwis sa Medicare sa kita na lumampas sa ilang partikular na limitasyon. Ipinapakita ng chart sa ibaba ang mga halaga ng threshold batay sa katayuan ng pag-file ng buwis:

Katayuan ng Pag-file	Halaga ng Threshold
Kasal na magkasamang nag-file	\$250,000
Kasal na hiwalay na nag-file	\$125,000
Walang asawa	\$200,000
Pinuno ng sambahayan (na may kwalipikadong tao)	\$200,000
Kwalipikadong nabubuhay na asawa na may nakadependeng anak	\$200,000

Kung saan napupunta ang iyong mga dolyar ng buwis sa Social Security

Sa 2025, kapag nagtatrabaho ka, humigit-kumulang 85 sentimo ng bawat dolyar ng buwis sa Social Security na binabayaran mo ay mapupunta sa isang trust fund. Binabayaran ng pondong ito ang buwanang benepisyo sa mga kasalukuyang retirado at kanilang pamilya at sa mga nabubuhay na asawa at mga anak ng mga manggagawang namatay. Humigit-kumulang 15 sentimo ang napupunta sa isang trust fund na nagbabayad ng mga benepisyo sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga pamilya.

Mula sa mga trust fund na ito, binabayaran din namin ang mga gastos sa pamamahala sa aming mga programa. Isa kami sa pinakamahuhusay na ahensya sa pederal na pamahalaan, at nagsusumikap kaming mas mapabuti pa ito araw-araw. Sa bawat dolyar ng buwis sa Social Security na binabayaran mo, gumagastos kami ng mas mababa sa 1 sentimo para pamahalaan ang mga programa.

Ang lahat ng buwis sa Medicare na binabayaran mo ay mapupunta sa isang trust fund na nagbabayad ng ilang gastos sa ospital at kaugnay na pangangalaga para sa mga benepisyaryo ng Medicare. Ang Centers for Medicare & Medicaid Services, hindi Social Security, ang namamahala sa programa ng Medicare.

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Social Security habang ikaw ay nagtatrabaho

Ang numero ng iyong Social Security

Ang ugnayan mo sa amin ay ang numero ng iyong Social Security. Kailangan mo ito para makakuha ng trabaho at magbayad ng buwis. Ginagamit namin ang numero ng iyong Social Security para subaybayan ang iyong mga kita habang nagtatrabaho ka at ang iyong mga benepisyo pagkatapos mong makuha ang Social Security.

Huwag dalhin ang iyong Social Security card. Dapat kang maging maingat sa pagbibigay sa isang tao ng numero ng iyong Social Security. Ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan ay isa sa pinakamabilis na lumalagong krimen ngayon. Maaaring gamitin ng mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ang numero ng iyong Social Security at ang iyong magandang credit upang mag-apply para sa higit pang credit sa iyong pangalan. Pagkatapos, gagamitin nila ang mga credit card at hindi babayaran ang mga bayarin.

Ang numero ng iyong Social Security at ang aming mga rekord ay kumpidensyal. Kung may ibang humingi sa amin ng impormasyon tungkol sa iyo, hindi kami maglalabas ng anuman nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot, maliban na lang kung hinihiling o pinahihintulutan ito ng batas.

Kailangan mo bang humiling ng numero ng Social Security, kapalit na card, o magpapalit ng pangalan? Makakatulong sa iyo ang aming page ng Numero at Card ng Social Security sa www.ssa.gov/number-card (sa English lang) na makita ang pinakamahusay na paraan para makuha ang kailangan mo.

Sa webpage na ito, magtatanong kami ng ilan para matukoy kung maaari mong:

- Kumpletuhin ang proseso ng aplikasyon sa online.

- Simulan ang proseso ng aplikasyon sa online, pagkatapos ay gumawa ng appointment para dalhin ang anumang kinakailangang dokumento sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security upang makumpleto ang aplikasyon, kadalasan sa mas maikling oras. Sa maraming pagkakataon, maaari kang gumawa ng appointment sa online. O maaari kang tumawag sa **1-800-772-1213** para mag-iskedyul ng appointment.

Kapag nakumpleto mo na ang iyong aplikasyon (online o sa personal), ipoproseso namin ang aplikasyon, pagkatapos ay ipapadala sa iyo ang card, kadalasan sa loob ng 14 na araw. Hindi kami nagbibigay ng mga card sa aming mga tanggapan.

Upang makakuha ng numero ng Social Security o kapalit na card, maaaring kakailanganin mong magpakita sa amin ng patunay ng iyong edad, pagkakakilanlan, at pagkamamamayan ng U.S. o katayuan sa imigrasyon. Hindi namin kailangan ng patunay ng edad o pagkamamamayan ng U.S. para sa kapalit na card kung nasa rekord na namin ang mga ito.

Tumatanggap lang kami ng ilang partikular na dokumento bilang patunay ng pagkamamamayan ng U.S. Kabilang dito ang isang sertipiko ng kapanganakan ng U.S., pasaporte ng U.S., Certificate of Naturalization (Sertipiko ng Legal na Pagkamamamayan ng isang Banyaga), o Certificate of Citizenship (Sertipiko ng Pagkamamamayan). Kung hindi ka isang mamamayan ng U.S., dapat naming makita ang iyong dokumento sa imigrasyon na nagpapatunay ng iyong awtorisasyon sa trabaho. Kung wala kang awtorisasyon sa trabaho, iba't ibang panuntunan ang nalalapat.

Para sa patunay ng pagkakakilanlan, tinatanggap namin ang mga kasalukuyang dokumento na nagpapakita ng iyong pangalan, impormasyon ng pagkakakilanlan, at mas naaayon ang isang kamakailang larawan. Kasama sa mga tinatanggap na dokumento ang lisensya sa pagmamaneho o iba pang card ng pagkakakilanlan na inisyu ng estado, o isang pasaporte ng U.S.

Para mag-apply sa pagpapalit ng pangalan sa iyong Social Security card, maaaring kakailanganin mong magpakita ng kasalukuyang inisyu na dokumento na nagpapatunay na legal na binago ang iyong pangalan.

Siguraduhing ingatan ang iyong Social Security card. Nililimitahan namin ang bilang ng mga kapalit na card na maaari mong makuha sa 3 sa isang taon at 10 sa iyong buong buhay. Ang mga legal na pagpapalit ng pangalan at iba pang pagbubukod ay hindi kasali sa mga limitasyong ito. Halimbawa, ang mga pagbabago sa katayuan ng hindi pagkamamamayan na nangangailangan ng mga pag-update sa card ay maaaring hindi isasali sa mga limitasyong ito. Maaaring hindi mailapat ang mga limitasyong ito kung mapapatunayan mong kailangan mo ang card para maiwasan ang isang malubhang paghihirap.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Numero ng Iyong Social Security at Card* (Nu. ng Publikasyon 05-10002) Kung hindi ka isang mamamayan, basahin ang *mga Numero ng Social Security para sa mga Hindi Mamamayan* (Nu. ng Publikasyon 05-10096).

Ang aming mga serbisyo sa card ay libre. Hindi kami kailanman naniningil para sa mga serbisyo sa card na ibinibigay namin.

Paano ka magiging kwalipikado para sa Social Security

Habang nagtatrabaho ka at nagbabayad ng mga buwis, makakakuha ka ng “mga credit” ng Social Security. Sa 2025, makakakuha ka ng 1 credit para sa bawat \$1,810 na kita — hanggang sa maximum na 4 na credit bawat taon. Ang halaga ng pera na kailangan para makakuha ng 1 credit ay karaniwang tumataas bawat taon.

Karamihan sa mga tao ay nangangailangan ng 40 credit (10 taon ng trabaho) upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo. Ang mga kabataan ay nangangailangan ng mas kaunting mga credit upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa kapansanan o para

sa kanilang mga miyembro ng pamilya na maging kwalipikado sa mga benepisyo ng mga nakaligtas kapag namatay ang manggagawa.

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo

Pinapalitan lang ng mga benepisyo ng Social Security ang ilan sa iyong mga kinita kapag ikaw ay nagretiro, namatay, o nagkaroon ng kapansanan na pumipigil sa iyong magtrabaho. Ibinabatay namin ang iyong pagbabayad ng benepisyo sa kung magkano ang iyong kinita sa panahon ng iyong karera sa pagtatrabaho. Ang mas malaking panghabambuhay na kita ay nagreresulta sa mas malaking benepisyo. Kung may ilang taon na hindi ka nagtrabaho, o may mababang kita, maaaring mas mababa ang halaga ng iyong benepisyo kaysa kung patuloy kang nagtrabaho.

Mga benepisyo sa pagreretiro

Ang pagpili kung kailan magsisimulang makatanggap ng mga benepisyo sa pagreretiro ay isa sa pinakamahalagang desisyon na gagawin mo. Kung pipiliin mong simulan ang pagtanggap ng mga benepisyo kapag naabot mo ang iyong ganap na edad ng pagreretiro, matatanggap mo ang buong halaga ng iyong benepisyo. Babawasan namin ang halaga ng iyong benepisyo kung magsisimula kang makatanggap ng mga benepisyo bago mo maabot ang ganap na edad ng pagreretiro. Maaari mong piliing magpatuloy sa pagtatrabaho nang lampas sa iyong edad ng pagreretiro. Kung gagawin mo ito, maaaring tumaas ang matatanggap mong benepisyo.

Ganap na edad ng pagreretiro

Kung ipinanganak ka sa pagitan ng 1943 at 1960, ang edad kung saan babayaran ang buong benepisyo sa pagreretiro nang paunti-unti habang dinadagdagan ito sa edad na 67. Sa 2025, kung ang taon ng iyong kapanganakan ay 1957 o mas maaga pa, kwalipikado ka na para sa iyong buong benepisyo ng Social Security. Gamitin ang chart sa ibaba para makita ang

iyong ganap na edad ng pagreretiro.

Taon ng kapanganakan	Ganap na edad ng pagreretiro
1943-1954	66
1955	66 at 2 buwan
1956	66 at 4 na buwan
1957	66 at 6 na buwan
1958	66 at 8 buwan
1959	66 at 10 buwan
1960 pataas	67

TANDAAN: Bagama't lampas na ngayon sa 65 ang ganap na edad ng pagreretiro, dapat mo pa ring isaalang-alang ang pag-apply para sa mga benepisyo ng Medicare 3 buwan bago ang iyong ika-65 kaarawan, kung hindi mo pa natatanggap ang mga benepisyo (tingnan ang aming seksyon ng "Medicare").

Mga naantalang benepisyo sa pagreretiro

Kung pipiliin mong ipaantala ang pagtanggap ng mga benepisyo lampas sa iyong ganap na edad ng pagreretiro, dadagdagan namin ang iyong benepisyo sa isang partikular na porsyento, depende sa taon ng iyong kapanganakan. Awtomatiko naming idadagdag ang pagtaas bawat buwan mula sa oras na maabot mo ang ganap na edad ng pagreretiro, hanggang sa magsimula kang makatanggap ng mga benepisyo o umabot sa edad na 70, alinman ang mauna. Mayroong karagdagang impormasyon sa mga naantalang credit sa pagreretiro sa aming website sa www.ssa.gov/benefits/retirement/planner/delayret.html (sa Ingles lang).

Mga benepisyo sa maagang pagreretiro

Maaari kang magsimulang makatanggap ng mga benepisyo sa edad na 62. Binabawasan namin ang iyong mga benepisyo kung magsisimula ka nang maaga ng mga 0.5% sa karaniwan para sa bawat buwan na nagsisimula kang makatanggap ng mga benepisyo bago ang iyong ganap na

edad ng pagreretiro. Halimbawa, kung ang iyong ganap na edad ng pagreretiro ay 67, at nag-sign up ka para sa Social Security kapag ikaw ay 62, makakakuha ka lamang ng mga 70% ng iyong buong benepisyo.

Kapag nakapagdesisyon ka na kung kailan sisimulan ang iyong mga benepisyo sa pagreretiro sa Social Security, maaari kang mag-apply online sa aming website sa www.ssa.gov/apply (sa English lang).

Kung nagtatrabaho ka at nakakakuha ng mga benepisyo

Maaari kang magpatuloy na magtrabaho at makatanggap pa rin ng mga benepisyo sa pagreretiro. Ang iyong mga kita sa (o pagkatapos) buwang naabot mo ang ganap na edad ng pagreretiro ay hindi makakabawas sa iyong mga benepisyo sa Social Security. Sa katunayan, ang pagtatrabaho nang lampas sa ganap na edad ng pagreretiro ay maaaring makadagdag sa halaga ng iyong benepisyo. Babawasan namin ang iyong mga benepisyo, gayunpaman, kung lumampas ang iyong mga kita sa ilang partikular na limitasyon bago mo maabot ang iyong ganap na edad ng pagreretiro.

Kung nagtatrabaho ka, ngunit nagsisimulang makatanggap ng mga benepisyo bago ang ganap na edad ng pagreretiro, ibinabawas namin ang \$1 sa mga benepisyo para sa bawat \$2 ng mga kinita mo na higit sa taunang limitasyon. Sa 2025, ang limitasyon ay \$23,400.

Sa taong naabot mo ang iyong ganap na edad ng pagreretiro, binabawasan namin ang iyong mga benepisyo ng \$1 para sa bawat \$3 na kinikita mo sa mas mataas na taunang limitasyon (\$62,160 sa 2025). Magpapatuloy ito hanggang sa buwan na maabot mo ang ganap na edad ng pagreretiro.

Kapag naabot mo na ang ganap na edad ng pagreretiro, maaari kang magpatuloy sa pagtatrabaho, at hindi namin babawasan ang iyong benepisyo sa pagreretiro ng Social Security, gaano man kalaki ang iyong kinikita.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Paano Naaapektuhan ng Trabaho ang Iyong Mga Benepisyong* (Nu. ng Publikasyon. 05-10069) (sa English lang).

TANDAAN: Ang mga taong nagtatrabaho at tumatanggap ng mga benepisyong sa kapansanan ng Social Security o mga pagbabayad ng Supplemental Security Income (SSI) ay may iba't ibang panuntunan sa kita. Dapat nilang iulat kaagad sa amin ang lahat ng kanilang kinita kahit gaano pa kalaki ang mga ito.

Mga benepisyong sa pagreretiro para sa mga nabubuhay na asawa

Kung nakatanggap ka ng mga benepisyong para sa nabubuhay na asawa, maaari kang lumipat sa iyong sariling mga benepisyong sa pagreretiro nang maaga sa edad na 62. Magagawa ito kung ipagpalagay na ang iyong benepisyong sa pagreretiro ay higit pa sa halagang natatanggap mo sa mga kita ng iyong namatay na asawa. Kadalasan, maaari kang magsimulang makatanggap ng isang benepisyong sa pinababang antas at pagkatapos ay lumipat sa isa pang benepisyong sa buong antas kapag naabot mo ang ganap na edad ng pagreretiro. Ang mga patakaran ay kumplikado at nag-iiba depende sa sitwasyon mo, kaya makipag-usap sa isa sa aming mga kinatawan tungkol sa mga pagpipiliang available sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyong sa pagreretiro, basahin ang *Mga Benepisyong sa Pagreretiro* (Nu. ng Publikasyon 05-10035) (sa English lang).

Mga benepisyong sa kapansanan

Kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa pisikal o kondisyon sa pag-iisip na tumagal o inaasahang tatagal nang hindi bababa sa 1 taon o magresulta sa pagkamatay, maaari kang maging kwalipikadong para sa mga benepisyong sa kapansanan ng Social Security.

Ang aming mga panuntunan sa kapansanan ay iba sa pribado o iba pang plano ng ahensya ng gobyerno. Kung kwalipikadong para sa kapansanan mula sa ibang ahensya o programa,

hindi ito nangangahulugan na maging kwalipikadong para sa mga benepisyong sa kapansanan mula sa amin. Ang isang pahayag mula sa iyong doktor na nagsasabing may kapansanan ka ay hindi nangangahulugan na awtomatikong maging kwalipikadong para sa mga benepisyong sa kapansanan ng Social Security. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Mga Benepisyong para sa Kapansanan* (Nu. ng Publikasyon 05-10029). Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyong sa kapansanan ng Social Security sa aming website sa www.ssa.gov/disability (sa English lang).

Ang mga tao, kabilang ang mga bata, na may maliit na kita at kakaunting mapagkukunan, at may kapansanan, ay maaaring maging kwalipikadong para sa mga pagbabayad para sa kapansanan sa pamamagitan ng programa ng SSI. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad, SSI)* (Nu. ng Publikasyon 05-11000) (sa English lang).

Kung magkakaroon ka ng kapansanan na pumipigil sa iyong magtrabaho, mag-apply para sa mga benepisyong sa kapansanan sa lalong madaling panahon, dahil karaniwang tumatagal ito ng 6 hanggang 8 buwan para sa isang paunang desisyon. Maaaring mas mabilis naming mapoproseso ang iyong claim kung mayroon ka ng sumusunod na impormasyon kapag nag-apply ka:

- Mga medikal na rekord at petsa ng paggamot mula sa iyong mga doktor, therapist, ospital, klinika, at caseworker.
- Laboratoryo at iba pang resulta ng pagsusuri.
- Mga pangalan, address, numero ng telepono at fax ng iyong mga doktor, klinika, at ospital.
- Mga pangalan ng lahat ng gamot na iniinom mo.
- Mga pangalan ng iyong mga employer at tungkulin sa trabaho sa nakalipas na 5 taon.

Maaaring may buwis ang iyong mga benepisyo

Ang ilang taong nakakuha ng Social Security ay kailangang magbayad ng buwis sa kita sa isang bahagi ng kanilang mga benepisyo. Maaaring kakailanganin mong magbayad ng buwis nang hanggang sa 85% ng iyong mga benepisyo kung mag-file ka ng federal tax return bilang isang “indibidwal” at ang kabuuan mong kita ay higit sa \$25,000. Kung mag-file ka ng joint return, maaaring kakailanganin mong magbayad ng buwis kung ikaw at ang asawa mo ay may kabuuang kita na higit sa \$32,000. Noong 2023, tinatayang 50% ng benepisyaryo ng Social Security ang may kita na lumampas sa mga limitasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang walang bayad na numero ng Internal Revenue Service (Serbisyong Panloob na Kita), **1-800-829-3676** o basahin ang *Social Security at Equivalent Railroad Retirement Benefits* (IRS Publication 915) (sa English lang).

Mga benepisyo para sa iyong pamilya

Kapag nakatanggap ka ng mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security o kapansanan, maaaring maging kwalipikado rin ang ibang miyembro ng pamilya para sa mga benepisyo. Halimbawa, maaari kaming magbigay ng mga benepisyo sa iyong asawa:

- Kung sila ay may edad 62 pataas.
- Sa anumang edad kung inaalagaan nila ang iyong anak na wala pang 16 na taong gulang o may kapansanan at may karapatan sa mga benepisyo ng Social Security sa iyong rekord.

Maaari kaming magbigay ng mga benepisyo sa iyong mga anak na walang asawa kung sila ay:

- Mas bata sa 18.
- Sa pagitan ng edad na 18 at 19 kung isang full-time na mag-aaral sa elementarya o sekondaryang paaralan (grade 12 pababa).
- Edad 18 pataas at may isang kwalipikadong kapansanan na nagsimula bago ang edad na 22.

Sa ilang partikular na sitwasyon, maaari kaming magbigay ng mga benepisyo sa iyong stepchild, apo, step-grandchild, o isang anak-anakan (adopted child). Kung naging magulang ka ng isang bata pagkatapos mong simulan ang pagtanggap ng mga benepisyo, ipaalam sa amin upang makapagpasya kami kung kwalipikado ang bata para sa mga benepisyo.

Magkano ang makukuha ng mga miyembro ng pamilya?

Maaaring maging kwalipikado ang bawat miyembro ng pamilya para sa isang buwanang benepisyo na hanggang sa kalahati ng iyong Social Security sa pagreretiro o halaga ng benepisyo sa kapansanan. Gayunpaman, may limitasyon ang kabuuang halaga ng pera na maaaring ibigay sa iyo at sa iyong pamilya. Nag-iiba ang limitasyon ngunit sa pangkalahatan ay humigit-kumulang 150% hanggang 180% ng iyong benepisyo sa pagreretiro o kapansanan.

Kung diborsiyado ka

Kung diborsiyado ka, maaaring maging kwalipikado ang dati mong asawa para sa mga benepisyo sa iyong mga kita. Sa ilang sitwasyon, maaari silang makakuha ng mga benepisyo kahit na hindi mo natatanggap ang mga ito. Para maging kwalipikado, ang isang diborsiyadong asawa ay dapat:

- Ikinasal sa iyo nang hindi bababa sa 10 taon.
- Diborsiyado sa iyo nang hindi bababa sa 2 taon kung hindi ka pa nag-file ng mga benepisyo.
- Hindi bababa sa 62 taong gulang.
- Walang asawa.
- Hindi karapat-dapat o kwalipikado para sa isang benepisyo sa kanilang sariling trabaho na katumbas o mas malaki sa kalahati ng buong halaga sa iyong rekord, depende sa mga sitwasyon.

Mga benepisyo ng mga nakaligtas

Kapag namatay ka, maaaring maging kwalipikado ang iyong pamilya para sa mga benepisyo batay sa iyong trabaho.

Kasama sa mga miyembro ng pamilya na maaaring makatanggap ng mga benepisyo ang nabubuhay na asawa na:

- 60 o mas mataas pa.
- 50 o mas mataas pa at may kwalipikadong kapansanan.
- Anumang edad kung inaalagaan nila ang iyong anak na wala pang 16 na taong gulang o may kwalipikadong kapansanan at may karapatan sa mga benepisyo ng Social Security sa iyong rekord.

Makatanggap din ang iyong mga anak ng mga benepisyo ng mga nakaligtas, kung wala silang asawa at:

- Mas bata sa 18 taong gulang.
- Sa pagitan ng edad 18 at 19 kung full-time na mga mag-aaral sa elementarya o sekondaryang paaralan (grade 12 pababa).
- Edad 18 pataas at may isang kwalipikadong kapansanan na nagsimula bago ang edad na 22.

Bukod pa rito, maaaring makatanggap ang iyong mga magulang ng mga benepisyo sa iyong mga kita kung sila ay dumedepende sa iyo nang hindi bababa sa kalahati ng kanilang pinansyal na suporta.

Isang beses na pagbabayad pagkatapos ng pagkamatay

Kung mayroon kang sapat na mga credit, ang isang beses na pagbabayad ng \$255 ay maaari ring gawin pagkatapos ng iyong pagkamatay. Ang benepisyong ito ay maaaring ibigay sa iyong asawa o menor de edad na mga anak kung natutugunan nila ang ilang kinakailangan.

Kung diborsiyado ka at may nabubuhay na dating asawa

Kung diborsiyado ka, maaaring maging kwalipikado ang iyong dating asawa para sa mga benepisyo sa mga nakaligtas batay sa iyong mga kinita kapag namatay ka. Para maging kwalipikado, ang isang nabubuhay na diborsiyadong asawa ay dapat:

- Hindi bababa sa edad na 60 taong gulang (o 50 kung mayroon silang kwalipikadong kapansanan) at kasal sa iyo nang hindi bababa sa 10 taon.
- Anumang edad kung inaalagaan nila ang isang bata na kwalipikado para sa mga benepisyo batay sa iyong mga kita.
- Hindi karapat-dapat sa isang benepisyo batay sa kanilang sariling trabaho na katumbas o mas malaki kaysa sa buong halaga sa iyong rekord.
- Kasalukuyang hindi kasal, maliban kung ang muling pagpapakasal ay nangyari pagkatapos ng edad na 60 o pagkalipas ng edad na 50 kung mayroon silang kwalipikadong kapansanan.

Ang mga benepisyong ibinigay sa isang dating asawa ay hindi makakaapekto sa ibang nakaligtas na tumatanggap ng mga benepisyo sa iyong rekord ng mga kita.

TANDAAN: Kung ikaw ay namatay na at muling nagpakasal ang iyong dating asawa pagkatapos ng edad na 60, maaari silang maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng Social Security batay sa alinman sa iyong trabaho o sa trabaho ng bagong asawa, alinman ang mas malaki.

Magkano ang makukuha ng iyong mga nakaligtas?

Makatanggap ang iyong mga nakaligtas ng porsyento — kadalasan sa pagitan ng 75% at 100% ng iyong pangunahing halaga ng benepisyo sa Social Security. Gayunpaman, may limitasyon sa kabuuang halaga ng pera na maaari naming ibigay bawat buwan sa

isang pamilya. Nag-iiba ang limitasyon ngunit sa pangkalahatan ay humigit-kumulang 150% hanggang 180% ng halaga ng iyong benepisyoy.

Kapag handa ka nang mag-apply para sa mga benepisyoy

Kung mayroon kang personal na my Social Security account, maaari kang makakuha ng mga pagtatantya ng iyong mga benepisyoy sa pagreretiro at ikumpara ang mga epekto ng iba't ibang edad upang magsimulang makatanggap ng mga benepisyoy sa pagreretiro. Kung wala kang personal na my Social Security account, maaari kang gumawa ng isa sa www.ssa.gov/myaccount (sa Ingles lang).

Dapat kang mag-apply para sa mga benepisyoy ng mga 4 na buwan bago ang petsa na gusto mong magsimula ang iyong mga benepisyoy. Kung hindi ka pa handang mag-apply para sa mga benepisyoy sa pagreretiro ngunit pinag-iisipan mo ito, dapat mong bisitahin ang aming website sa www.ssa.gov/retirement (sa Ingles lang). Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung kailan mag-a-apply para sa mga benepisyoy sa kapansanan o nakaligtas, maaari kang makipag-ugnayan sa amin.

Maaari mong malaman ang pinakamahasay na paraan upang mag-apply para sa mga benepisyoy sa www.ssa.gov/apply (sa Ingles lang).

Ano ang kailangan mo para mag-apply

Kapag nag-apply ka para sa mga benepisyoy, hihilingin namin sa iyo na magbigay ng ilang partikular na dokumento. Ang mga dokumentong kakailanganin mo ay nakadepende sa uri ng mga benepisyoy na iyong ifa-file. Ibigay sa amin ang mga dokumentong ito nang mabilis para matulungan kaming maibigay ang iyong mga benepisyoy nang mas mabilis. Dapat kang magpakita ng mga orihinal na dokumento o sertipikadong kopya ng nag-isyu na tanggapan — hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopy.

Huwag ipaantala ang pag-file ng aplikasyon dahil lang sa hindi kumpleto ang lahat ng dokumentong kailangan mo. Tutulungan ka naming makuha ang mga ito.

Kabilang sa mga dokumentong maaaring kakailanganin mo ay:

- Ang iyong Social Security card (o isang rekord ng iyong numero).
- Ang iyong sertipiko ng kapanganakan.
- Mga sertipiko ng kapanganakan ng iyong mga anak at numero ng Social Security (kung mag-a-apply ka para sa kanila).
- Patunay ng pagkamamamayan ng U.S. o legal na katayuan sa imigrasyon kung (o isang bata) hindi ka ipinanganak sa United States.
- Ang sertipiko ng kapanganakan ng iyong asawa at numero ng Social Security kung mag-a-apply sila para sa mga benepisyoy batay sa iyong kita.
- Ang iyong sertipiko ng kasal (kung mag-a-apply ka para sa rekord ng mga kita ng asawa o kung mag-a-apply ang iyong asawa para sa iyong mga kita).
- Ang iyong mga papeles sa paglabas sa militar kung nanungkulan ka sa militar.
- Ang iyong pinakabagong W-2 form, o ang iyong tax return, kung ikaw ay may sariling trabaho.

Ipapaalam namin sa iyo kung kinakailangan ang iba pang dokumento.

Paano kami nagbabayad o nagbibigay ng mga benepisyoy

Dapat mong matanggap ang iyong mga pagbabayad sa Social Security sa elektronikong paraan. Ang isang paraan na maaari mong piliin para matanggap ang iyong mga benepisyoy ay sa pamamagitan ng direktang pagdeposito sa iyong account sa isang pinansyal na institusyon (bangko o credit union). Ang direktang deposito ay isang simple at ligtas na paraan para matanggap ang iyong mga pagbabayad. Kakailanganin namin ang numero

ng iyong account at ang routing number ng iyong pinansyal na institusyon para matiyak na mapupunta ang iyong buwanang benepisyong sa tamang account.

Kung wala kang account sa isang pinansyal na institusyon, o kung mas gusto mong matanggap ang iyong mga benepisyong sa isang prepaid debit card, maaari kang mag-sign up para sa programa ng Direct Express® card. Ang isa pang pagpipilian sa pagbabayad ay ang electronic transfer account. Nagbibigay-daan sa iyo ang murang pederal na nakasegurong account na ito na tamasahin ang seguridad at kaginhawahan ng mga awtomatikong pagbabayad.

Programang ng Supplemental Security Income (SSI)

Kung mayroon kang limitadong kita at mga mapagkukunan, maaaring makatulong ang Supplemental Security Income (SSI). Nagmumula ang pondo ng SSI sa mga pangkalahatang kita, hindi sa mga buwis sa Social Security.

Guamagawa ang SSI ng buwanang pagbabayad sa mga taong may edad na 65 pataas o bulag o may kwalipikadong kapansanan. Ang iyong kita at ang mga bagay na pagmamay-ari mo ay nakakaapekto sa pagiging kwalipikado para sa SSI. Hindi namin isinasali ang ilan sa iyong kita at ilan sa iyong mapagkukunan kapag nagpapasya kami kung kwalipikado ka para sa SSI. Ang iyong bahay at ang iyong sasakyan, halimbawa, ay karaniwang hindi itinuturing bilang mga kayamanan. Binibilang namin ang cash, bank account, stocks, at bonds.

Paano ka mag-a-apply para sa SSI?

Maaaring makumpleto ng ilang nasa hustong gulang na may mga kapansanan na nakakatugon sa ilang kinakailangan ang proseso ng aplikasyon sa online. Bisitahin ang aming webpage sa SSI sa www.ssa.gov/ssi (sa English lang) para matuto pa.

Kung hindi ka makapag-apply sa online, maaari mo kaming tawagan nang walang bayad sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) o sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security para mag-iskedyul ng appointment.

Karapatang mag-apela

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa sa iyong claim, maaari mo itong iapela. Maaari mong pangasiwaan ang iyong sariling apela nang may libreng tulong mula sa amin, o maaari mong piliing magkaroon ng isang kinatawan na tumulong sa iyo. Maaari ka naming bigyan ng impormasyon tungkol sa mga organisasyon na makakatulong sa iyo na makahanap ng isang kinatawan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng mga apela at pagpili ng isang kinatawan, basahin ang *Iyong Karapatan na Tanungin ang Desisyon na Ginawa sa Iyong Claim* (Nu. ng Publikasyon. 05-10058) (sa English lang).

Online na personal na my Social Security account

Maaari kang gumawa ng personal na my Social Security account online para tingnan ang iyong kita at makakuha ng mga pagtatantya ng benepisyong. Maaari mo ring gamitin ang iyong ligtas na my Social Security account para humiling ng kapalit na Social Security card sa karamihan ng mga estado at sa District of Columbia (Washington DC).

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga benepisyong, maaari mo ring:

- Palitan ang iyong address at numero ng telepono (mga benepisyaryo lang ng Social Security).
- Kumuha ng agarang liham ng pagpapatunay ng benepisyong.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099 o SSA-1042S para sa tax season.
- Simulan o baguhin ang iyong direktang deposito (mga benepisyaryo lang ng Social Security).

- Mag-opt out sa pagtanggap ng mga abiso ng ahensya sa pamamagitan ng koreo para sa mga available online.
- Lulat ang iyong mga sahod kung nagtatrabaho ka at tumatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security, pagbabayad sa SSI, o pareho.

Maaari kang lumikha ng personal na *my* Social Security account kung ikaw ay 18 taong gulang pataas at may numero ng Social Security at isang valid na email address. Para gumawa ng account, pumunta sa **www.ssa.gov/myaccount** (sa English lang). Kakailanganin mong gumawa ng isang account sa isa sa aming mga tagapagbigay ng pang-kredensyal na serbisyo, Login.gov o ID.me, at sundin ang mga prompt. Kung nakatira ka sa labas ng U.S., maaari mong i-access ang iyong personal na *my* Social Security account gamit ang isang ID.me na kredensyal.

Medicare

Ang Medicare ay ang programa ng seguro sa kalusugan ng ating bansa para sa mga taong may edad 65 pataas at para sa maraming taong may mga kapansanan.

Hindi ka dapat malito sa pagitan ng Medicare at Medicaid. Ang Medicaid ay isang programa sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may mababang kita at limitadong mapagkukunan. Ang mga tanggapan ng estado sa kalusugan at serbisyong pantao o ahensya ng mga serbisyong panlipunan ay ang nagpapatakbo ng programang Medicaid. Ang ilang mga tao ay maaaring maging kwalipikado para sa parehong Medicare at Medicaid.

Mga Bahagi ng Medicare

Inilagay ka ng Social Security sa Original Medicare (Part A at Part B).

- Tumutulong ang Medicare Part A (seguro sa ospital) sa pagbabayad para sa inpatient na pangangalaga sa mga ospital at skilled nursing facility (hindi pang-kustodiya o pangmatagalang pangangalaga).

Binabayaran din ng Part A ang ilang pangangalaga pangkalusugan sa tahanan at hospice care (pangangalaga sa mga may taning na ang buhay).

- Tumutulong ang Medicare Part B (medikal na seguro) na magbayad para sa mga serbisyo mula sa mga doktor at iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, outpatient na pangangalaga, pangangalagang pangkalusugan sa tahanan, matibay na kagamitang medikal, at ilang serbisyo sa pang-iwas.
- Kasama sa mga Medicare Advantage Plan (kilala dati bilang Part C) ang lahat ng benepisyo at serbisyong saklaw sa ilalim ng Part A at Part B — kasama ang mga inireresetang gamot at karagdagang benepisyo tulad ng paningin, pandinig, at dental — na kasama sa isang plano.
- Tumutulong ang Medicare Part D (saklaw ng inireresetang gamot ng Medicare) sa pagsaklaw sa halaga ng mga inireresetang gamot.

Sino ang kwalipikado para sa Medicare Part A?

Karamihan sa mga tao ay makakakuha ng Part A kapag sila ay 65 na. Awtomatiko kang nakatala kung tumatanggap ka ng mga benepisyo ng Social Security o Railroad Retirement Board. Maaari kang maging kwalipikado para sa Medicare batay sa trabaho ng asawa (kabilang ang isang diborsiyadong asawa). Kwalipikado ang ibang tao dahil empleyado sila ng gobyerno na nagbayad ng buwis sa Medicare ngunit hindi nasasaklaw ng Social Security.

Kung makakakuha ka ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security sa loob ng 24 na buwan, awtomatiko kang nakatala sa Part A.

Kung nakakuha ka ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security dahil mayroon kang amyotrophic lateral sclerosis (ALS o Lou Gehrig's disease), hindi mo kailangang maghintay ng 24 na buwan.

Gayundin, maaaring maging kwalipikado ang isang taong mayroong permanenteng kidney failure na nangangailangan ng dialysis o isang kidney transplant para sa Part A kung sila ay nagtrabaho nang matagal o asawa o anak ng isang kwalipikadong manggagawa.

Kung hindi mo matutugunan ang mga kinakailangang ito, maaari kang makakuha ng Medicare Part A (seguro sa ospital) kung magbabayad ka ng buwanang premium. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang aming walang bayad na numero (1-800-772-1213) o bisitahin ang **Medicare.gov** (sa English lang).

Kwalipikado ang ilang partikular na tao na nalantad sa mga panganib sa kalusugan ng kapaligiran para sa Part A at maaaring magpatala sa Part B at Part D. Dapat mayroon silang sakit na nauugnay sa asbestos at nanirahan nang hindi bababa sa 6 na buwan sa Lincoln County, Montana, 10 taon o higit pa bago. diagnosis.

Sino ang kwalipikado para sa Medicare Part B?

Halos bawat taong kwalipikado para sa Part A ay makakakuha ng Part B. Opsyonal ang Part B at karaniwan kang magbabayad ng buwanang premium. Sa 2025, ang karaniwang buwanang premium ay \$185.00. Ang ilang taong may mas malaking kita ay nagbabayad ng mas malaking premium.

Kung hindi ka nag-sign up para sa Medicare noong una kang naging kwalipikado, maaaring mas magastos ang Part B at Part D. Gayunpaman, kung nasasaklaw ka sa ilalim ng planong pangkalusugan ng grupo ng employer — mula sa aktibong trabaho mo o ng iyong asawa — maaari mong iantala ang pag-sign up para sa Part B at Part D. Kung mag-sign up ka sa panahon ng iyong Special Enrollment Period (Espesyal na Panahon ng Pagpapatala), maiiwasan mong magbayad ng multa para sa nahuling pagpapatala.

Mga Medicare Advantage Plan

Ang sinumang may Medicare Part A at Part B ay maaaring sumali sa Medicare Advantage. Kasama sa mga plano ng Medicare Advantage Plan ang:

- Mga Health Maintenance Organization (Organisasyon sa Pagpapanatili ng Kalusugan, HMO).
- Mga Preferred Provider Organization (Ginustong Organisasyon ng Provider, PPO).
- Private Fee-for-Service (Pribadong Bayarin para sa Serbisyo, PFFS) na mga plano.
- Special Needs Plans (Mga Plano sa Espesyal na Pangangailangan, SNPs).

Bilang karagdagan sa iyong Medicare Part B na premium, maaaring kakailanganin mong magbayad ng isa pang buwanang premium dahil sa karagdagang benepisyo na inaalok ng Medicare Advantage plan.

Sino ang makakakuha ng Medicare Part D?

Ang sinumang may Original Medicare (Part A or Part B) ay kwalipikado para sa saklaw ng inireresetang gamot ng Medicare (Part D). Available ang mga benepisyo ng Part D bilang isang stand-alone na plano o kasama sa Medicare Advantage, maliban kung mayroon kang isang Medicare private fee-for-service (PFFS) na plano. Ang mga benepisyo ng gamot ay parehong gumagana sa alinmang plano. Ang pagsali sa isang plano sa inireresetang gamot ng Medicare ay boluntaryo, at magbabayad ka ng karagdagang buwanang premium.

Kailan ako dapat mag-apply para sa Medicare?

Kung hindi ka pa nakakakuha ng mga benepisyo, dapat mong isaalang-alang ang pag-sign up para sa Medicare. Makipag-ugnayan sa amin mga 3 buwan bago ang iyong ika-65 na kaarawan. Maaaring gusto mong mag-sign up para sa Medicare kahit na hindi mo planong magretiro sa edad na 65.

Kung nakakakuha ka na ng mga benepisyong ng Social Security o Railroad Retirement Board, magpapadala kami sa iyo ng impormasyon ilang buwan bago ka maging kwalipikado para sa Medicare. Kung nakatira ka sa isa sa 50 estado, Washington, DC, Northern Mariana Islands, Guam, American Samoa, o U.S. Virgin Islands, awtomatiko ka naming ipapatala sa Medicare Part A at B. Gayunpaman, dahil kailangan mong magbayad ng premium para sa pagsasaklaw sa Part B, maaari mong piliing tanggihan ito.

Hindi ka namin awtomatikong ipapatala sa isang plano ng iniresetang gamot ng Medicare (Part D). Opsyonal ang Part D at dapat mong piliin ang saklaw na ito.

Para sa impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang **Medicare.gov** (sa Ingles lang) o tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)** o sa TTY na numero, **1-877-486-2048**, kung ikaw ay bingi o may mahinang pandinig.

TANDAAN: *Kung hindi ka magpapatala sa Part B at Part D noong una kang naging kwalipikado, maaaring kakailanganin mong magbayad ng multa para sa nahuling pagpapatala hangga't mayroon kang pagsasaklaw ng Part B at Part D. Gayundin, maaaring kakailanganin mong maghintay para magpatala, na makakaantala sa pagsasaklaw.*

Ang mga residente ng Puerto Rico o ibang bansa ay hindi awtomatikong makakatanggap ng Part B. Dapat nilang piliin ang benepisyong ito. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang Medicare (Nu. ng Publikasyon 05-10043) (sa English lamang).

Kung mayroon kang Health Savings Account (HSA)

Kung mayroon kang Health Savings Accounts (Mga Savings Account para sa Kalusugan, HSA) kapag nag-sign up para sa Medicare, hindi ka makakapagbigay ng kontribusyon sa iyong HSA sa sandaling magsimula ang pagsasaklaw ng iyong Medicare. Kung magbibigay ka ng kontribusyon sa iyong HSA pagkatapos magsimula ang pagsasaklaw ng iyong Medicare,

maaaring kakailanganin mong magbayad ng multa sa buwis. Kung gusto mong patuloy na magbigay ng kontribusyon sa iyong HSA, hindi ka dapat mag-apply para sa mga benepisyong ng Medicare, Social Security, o Railroad Retirement Board (RRB).

TANDAAN: *Magsisimula ang pagsasaklaw ng Premium-free Part A 6 na buwan bago ang petsa ng pag-apply mo para sa Medicare (o mga benepisyong ng Social Security/RRB), ngunit hindi mas maaga kaysa sa unang buwan na naging kwalipikado ka para sa Medicare. Upang maiwasan ang pagkakaroon ng parusa sa buwis, dapat kang huminto sa pagbibigay ng kontribusyon sa iyong HSA nang hindi bababa sa 6 na buwan bago ka mag-apply para sa Medicare.*

“Karagdagang Tulong” sa mga gastos sa iniresetang gamot ng Medicare

Kung mayroon kang limitadong mapagkukunan at kita, maaari kang maging kwalipikado para sa Karagdagang Tulong upang tumulong na mabayaran ang iyong mga buwanang premium, taunang deductible, at copayment na nauugnay sa saklaw ng iniresetang gamot ng Medicare. Ang aming tungkulin ay tulungan kang maunawaan kung paano ka maaaring maging kwalipikado at iproseso ang iyong aplikasyon para sa Karagdagang Tulong. Upang matukoy kung kwalipikado ka at para mag-apply, bisitahin ang **www.ssa.gov/extrahelp** (sa English lang) o tumawag sa **1-800-772-1213**. Hindi magsisimula ang tulong sa Karagdagang Tulong hangga't hindi ka nakatala sa isang inapubahang plano sa iniresetang gamot ng Medicare.

Tulong sa iba pang gastos sa Medicare

Kung may limitado kang kita at kakaunti ang mga mapagkukunan, ang iyong estado ay maaaring magbayad ng iyong mga premium ng Medicare at, sa ilang sitwasyon, iba pang mula sa bulsa na mga gastusing medikal. Maaaring kabilang dito ang mga deductible, copayment, at coinsurance.

Ang iyong estado lamang ang makakapagpasya kung ikaw ay kwalipikado. Makipag-ugnayan sa iyong Medicaid, mga serbisyong panlipunan, o tanggapan ng kalusugan at serbisyong pantao. Bisitahin ang [Medicare.gov/contacts](https://www.medicare.gov/contacts) (sa English lang) o tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227; TTY: 1-877-486-2048)** para sa numero ng telepono.

Ilang katotohanan tungkol sa Social Security

Tinatanyag karaniwan na buwanang benepisyo ng Social Security sa 2025

- Lahat ng retiradong manggagawa: \$1,976.
- Mga retiradong manggagawa na mayroong may edad na asawa lamang: \$3,089.
- Mga manggagawang may kapansanan: \$1,580.
- Mga manggagawang may kapansanan na may batang asawa at 1 o higit pang anak: \$2,826.
- Mga nabubuhay na may edad nang asawa na walang anak: \$1,832.
- Mga batang nabubuhay na asawa na may 2 anak: \$3,761.

Maximum na buwanang pederal na mga rate ng pagbabayad ng SSI sa 2025

- \$967 para sa taong walang asawa.
- \$1,450 para sa mag-asawa.
- Nagdadagdag ang ilang estado ng pera sa pangunahing benepisyo ng SSI. Hindi kasama sa mga halagang ito ang state supplement (pandagdag sa kita ng estado).

Pakikipag-ugnayan sa Amin

May ilang paraan upang makipag-ugnayan sa amin, gaya ng online, sa telepono, at personal. Narito kami para sagutin ang mga tanong mo at para paglingkuran ka. Sa loob ng mahigit 85 taon, nakatulong ang Social Security na gawing matiwasay ang kasalukuyan at kinabukasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong tao sa kanilang paglalakbay sa buhay.

Bisitahin ang aming website

Ang pinakamaginhawang paraan para magsagawa ng gawain sa Social Security ay online sa www.ssa.gov (available sa wikang Ingles at Espanyol). Marami kang magagawa. Available lang sa wikang Ingles ang ilan sa mga serbisyong ito. Para tulungan kang magsagawa ng gawain sa Social Security,

- Mag-apply para sa Extra Help with Medicare prescription drug plan costs (Ekstrang Tulong sa mga gastusin sa plano sa inireresetang gamot ng Medicare) (available lang sa wikang Ingles).
- Mag-apply para sa karamihang uri ng benepisyo (available lang sa wikang Ingles).
- Humanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon (available sa iba't ibang wika).
- Masagot ang mga madalas itanong (available sa wikang Ingles at Espanyol).

Kapag gumawa ka ng isang personal na *my* Social Security account (available lang sa wikang Ingles), mas marami ka pang magagawa.

- Repasuhin ang iyong *Social Security Statement* (Pahayag ng Social Security).
- Beripikahin ang iyong mga kinita.
- Kumuha ng mga pagtaya ng mga benepisyo sa hinaharap.



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration
Publication No. 05-05-10024-TL | January 2023
Pag-unawa sa mga Benepisyo
Understanding the Benefits (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ginawa at inilathala sa gastos ng U.S. taxpayer

- Mag-print ng sulat ng beripikasyon ng benepisyo.
- Baguhin ang iyong impormasyon ng direktang deposito.
- Humiling ng kapalit na Medicare card.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S.
- Humiling ng kapalit na Social Security card, kung wala kang pagbabago at nakikibahagi ang iyong estado.

Maaaring maging limitado ang iyong pag-access sa iyong personal na *my* Social Security account para sa mga gumagamit sa labas ng Estados Unidos.

Tumawag sa amin

Kung hindi mo magamit ang aming mga online na serbisyo, matutulungan ka namin sa telepono kapag tumawag ka sa iyong lokal na opisina ng Social Security o sa aming Pambansang Numerong toll-free na 800. Nagbibigay kami ng libreng mga serbisyo ng interpreter kapag hiniling. Mahahanap mo ang impormasyon ng iyong lokal na opisina sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong ZIP code sa aming webpage ng tagahanap ng opisina (bagama't ang tagahanap ng lokal na opisina ay available lang sa wikang Ingles, maaari mong ilagay ang iyong zip code para mahanap ang pinakamalapit na lokal na opisina).

Maaari kang tumawag sa amin sa **1-800-772-1213** — o sa aming numero ng TTY, **1-800-325-0778**, kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinigmakarinig — sa pagitan ng 8:00 a.m. – 7:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes.

Ang oras ng paghihintay para makausap ang isang kinatawan ng Social Security ay karaniwang mas maikli tuwing Miyerkules hanggang Biyernes o sa bandang hapon.

Para sa aming mga libreng serbisyo ng interpreter, manatili sa linya at manatiling tahimik sa panahon ng aming mga hudyat na English

voice automation, hanggang sumagot ang isang kinatawan ng Social Security . Makikipag-ugnayan ang kinatawan ng Social Security sa isang interpreter para tumulong sa iyong tawag. Nag-aalok din kami ng maraming awtomatikong serbisyo sa telepono sa Ingles at Espanyol, available 24 na oras kada araw, kaya hindi mo kailangang makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security.

Kung mayroon kang mga dokumentong kailangan naming makita, tandaan na dapat orihinal ang mga ito o mga kopya na sertipikado ng ahensya na nag-isyu.



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration
Publication No. 05-05-10024-TL | January 2025
Pag-unawa sa Mga Benepisyo
Understanding the Benefits (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ginawa at inilathala sa gastos ng mga nagbabayad ng buwis sa U.S.